ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# TINIG AT HALAGA: PAGDALUMAT SA SPOKEN-WORD POETRY NG MGA KABATAANG SENIOR HIGH SCHOOL

**Juliet M. Tahop**
*Teacher III, Libas National High School, Libas, Sogod Southern Leyte, Philippines*

**ABSTRACT**
*This research aims to examine the values reflected in the spoken-word poetry created by Senior High School students. A qualitative approach, specifically content analysis, was employed in this study. The participants were selected from Grade 11 students of the Senior High School Department of Sogod National High School. The primary data source was the poems composed by the participants, which were based on two specific situations crafted by the researcher and aligned with classroom competencies. The spoken-word poetry writing was conducted in the form of a contest, and the participants' compositions strictly adhered to the given themes. Through analysis, sixteen (16) values were identified in the students' works. This included environmentalism, unity, patriotism, humaneness, love for others, compassion, courage or assertiveness, kindness, disrespect, regret, judgmental attitude, indifference, friendliness, joy, negligence, and perseverance in pursuing dreams. Among these, the most dominant values were unity, environmentalism, patriotism, and humaneness indicating a strong sense of social awareness and nationalism among the youth. The findings suggest that despite the influence of modernization and media, young people continue to uphold core values such as unity, compassion, love for the country, and environmental consciousness. This reflects a hopeful outlook for future generations. Moreover, the active involvement of teachers in providing relevant and meaningful contexts plays a vital role in encouraging students to express their emotions and thoughts with depth and sincerity. It is recommended that spoken-word poetry be further integrated into subjects such as Filipino, Values Education and Social Studies to enhance students' expression and appreciation of values.*

**KEYWORDS:** *environmentalism; humaneness; nationalism; patriotism; social awareness*

## 1.0 INTRODUCTION

Sa kasalukuyan, marami nang umuusbong na napapanahong anyo ng panitikan, at isa na rito ang *spoken-word poetry*—isang sining na kinahuhumalingan ng maraming kabataan, lalo na sa antas ng Senior High School. Ayon kay Nibalvos (2018), "*values are expressed especially in literature*," na nagpapahiwatig ng mahalagang papel ng panitikan bilang salamin ng pagpapahalagang pantao. Sa panahon ng makabagong teknolohiya at mabilis na pagbabago, patuloy ding umuunlad ang anyo ng pagpapahayag ng damdamin, pananaw, at karanasang pantao sa pamamagitan ng sining ng wika.

Isa sa mga kontemporaryong anyo ng sining na ginagamit ng kabataan sa malikhaing pagpapahayag ay ang *spoken-word poetry*. Isang uri ito ng pagtatanghal na tumatalakay sa samu't saring isyung panlipunan, personal, moral, at kultural na may layuning pukawin ang damdamin at kamalayan ng mga tagapakinig (**Cagurangan, 2020)**. Sa pamamagitan nito, nailalahad ng mga mag-aaral ang kanilang mga saloobin, paniniwala, pangarap, at paninindigan sa paraang makabago at makabuluhan.

Gayunpaman, bagama't lumalaganap ang paggamit ng *spoken-word poetry*, hindi pa ito gaanong napagtutuunan ng pansin bilang daluyan ng mga pagpapahalagang moral, sosyal, kultural, at personal. Sa ganitong konteksto, isinilang ang pag-aaral na ito upang *dalumatin* o paglimiin ang mga *values* na masasalamin sa mga *spoken-word poetry* ng mga mag-aaral sa Senior High School. Layunin nitong tukuyin kung anong mga pagpapahalaga ang nangingibabaw sa kanilang mga akda mga pahiwatig na sumasalamin sa kanilang kamalayan bilang mga kabataang Pilipino sa gitna ng mga hamon ng makabagong panahon.

Bukod dito, ang pananaliksik ay naglalayong magbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa gamit ng wika bilang kasangkapan sa paghubog ng pagkatao, paglinang ng panlipunang kamalayan, at pagpapaunlad ng mga pagpapahalagang Pilipino. Sa pagsusuri sa nilalaman ng mga *spoken-word poetry* ng mga kabataan, matutuklasan kung paanong ang sining ay nagiging lunsaran ng makabuluhang diskurso ukol sa kanilang mga pinanghahawakang paniniwala at saloobin (Masinadiong at Pines, 2024).

Sa kasalukuyang panahon, maraming salik ang nagbibigay-ginhawa sa buhay ng tao, ngunit kaakibat nito ang mga epekto ng kapabayaan sa kalikasan at lipunan. Sa ganitong pananaw, mahalaga ang papel ng guro sa pagpapakilala ng mga akdang pampanitikan tulad ng tula, upang itampok ang mga aral, pagpapahalaga, at pananagutang moral ng bawat indibidwal. Nahikayat ang mananaliksik na pagtuunan ng pansin ang moral na aspekto ng *spoken-word poetry* dahil sa kapansin-pansing pagkalimot ng ilang kabataan sa mahahalagang pagpapahalaga gaya ng pagiging makabayan, makatao, makakalikasan, at maka-Diyos. Isa sa mga pangunahing suliranin sa kasalukuyang henerasyon ay ang unti-unting pagkalusaw ng moralidad at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

wastong patnubay sa pagpapahalaga, na dulot na rin ng impluwensiya ng social media at ng mga ugaling banyaga.

Bagama't patuloy ang pagsisikap ng mga guro at magulang na panatilihin ang mabuting asal at wastong pag-uugali ng kabataan, naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong upang higit na maunawaan at makilala ang mga *values* na napapaloob sa mga *spoken-word poetry* ng mga mag-aaral.

Ginamit ang *spoken-word poetry* bilang pokus ng pag-aaral sapagkat ito ay isang kontemporaryo at mabisang midyum ng pagpapahayag para sa mga kabataan. Layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang mga *values* na naipapakita sa mga likhang *spoken-word poetry* ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Sogod National High School. Kinilala ng pananaliksik na sa likod ng mga makapangyarihang salita sa mga tula ng kabataan ay nakapaloob ang kanilang pananaw, paninindigan, at mga pagpapahalagang mahalagang mapansin, pag-aralan, at pagyamanin.

## 2.0 TEORETIKAL-KONSEPTWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Ginamit sa teoryang ito ang teorya ni Kristeva (1966) sa *Intertextual Analysis Theory* na binanggit ni Zengin (2016) at *Theory of Basic Human Values* ni Schwartz (2012). Inilahad sa teoryang Intertexual Analysis kung ano ang mga recurring Filipino values o ang mga emerging Filipino values o mga pagpapahalaga. Binigyang diin sa teoryang ito ang mga pagpapahalagang Pilipino ay maaaring makilala o masusuri sa mga akdang pampanitikan.. Sa pag- aaral na ito makilala ang mga namamayani sa damdamin ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbuo ng spoken-word poetry sa paraan ng pagsusuri sa kanilang mga mabubuo. Inilahad sa programang Basic Education Curriculum (2002) na mahalagang ituro ng guro ang mga akdang pampanitikan upang maikintal sa mga kabataan ang mahalagang napapaloob nito. Nagpapatunay lamang ito na isang magandang lunsaran ang isang kwento, tula, dula, at iba pa. Ang tunay na layunin ng panitikan ay upang gisingin ang sarili, mabuhay sa maraming bagay, papanatilihin ang kakayahan sa paglilibang, sa awa at pagdamay, at sa pag-unawa, at ang panitikan ay may layuning baguhing lubusan ang pananaw at pakikipag-ugnayan ng isang tao sa mundo, dahil sa ang panitikan at lipunan at magkaugnay. Kung gayon ang pag-aaral na tulad nito ay higit na makatutulong ito upang maunawaan nang husto kung ano ang gigisingin ng mga mag-aaral at sa mga mambabasa mula sa kanilang mabubuong akda.

Nagpapakita ng pagkabahala si Nibalvos (2018), sa mga pag-uugali ng mga kabataan sa kasalukuyan lalo na sa pagpapahalaga nila sa panlipunan at kalikasan. Ipinaliwanag ni Nibalvos (2018) na isang malaking hamon sa kasalukuyan na magkaroon ng pagbabago sa pananaw hinggil sa pagtuturo sa panitikang Filipino. Nang ipinatupad ang CMO 59 series of 2007, kung saan ituturo sa mga kolehiyo ang panitikan bilang isang wika at gagamitin lamang ang panitikan bilang lunsaran sa pagtuturo ng iba't ibang aspekto ng wika. Ito ang tinatawag na pinagsanib na pagtuturo ng wika at panitikan na isang pamamaran o istratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Maraming pagkakataon na kailangang maipahayag ng tao ang kanyang niloloob at damdamin.

Ginamit din sa pag-aaral na ito ang teorya ni Schwarts (2012) na Theory of Basic Human Values. Binigyan diin sa teoryang ito na ang tao ay nagtataglay ng maraming mga pagpapahalaga o values. Sang-ayon ang mananaliksik sa teoryang ito sapagkat kahit gaano kasama ang isang tao may natitira pa ito magandang pag-uugali. Sa pag-aaral na ito ang mga nabuong spoken-word poetry mula sa mga sitwasyong ibinigay ng mananaliksik ang sinuri. Sinuri ang mga pagpapahalaga (values) na napapaloob sa mga spoken word poetry sa mga Senior High School. Ang nabuong awtput o mga spoken poetry ng mga mag-aaral ang ginawang awtput (Kalipunan ng mga Spoken Poetry ng mga Senior High).

## 3.0 METODOLOHIYA

### *Disenyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral na ito ay kwalitatibong pamamaraan sa anyong pagsusuri sa nilalaman (Content Analysis). Ang pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* ay nararapat gamitin sa pagkilala sa mga pagpapahalaga (values) ang napapaloob ng isang akda.

### *Kalahok ng Pananaliksik*

Ang mga kalahok na kinuha ay mula sa Baitang 11 sa Senior High School ng Sogod National High School. Mula sa STEM 1, STEM 2, STEM 3, HUMSS 2 at HUMSS 3 na strand. Tigdadalawang kalahok ang kinuha ng mananaliksik sa bawat seksyon. May kabubuang sampung (10) kalahok ang pag-aaral na ito. Ang kinuha na mga kalahok ay mga kalahok na may pinakamataas na marka sa Filipino.

### *Lugar ng Pananaliksik*

Mula sa Sogod National High School (SNHS), Sogod, Southern Leyte nagmula ang mga kalahok.

### *Instrumento ng Pananaliksik*

Ang instrumento ng pag-aaral na ito ay ang mga tula na nabuo ng mga kalahok na nakabatay sa dalawang sitwasyon**.** Ang mga sitwasyong inihanda ng mananaliksik ay naaayon sa kompetinsi sa klase. Ang **unang sitwasyon** ay naghanda ang mananaliksik ng mga iba't larawan na napapalooban ito ng iba't ibang tema. **Pangalawang sitwasyon** nagbigay ang mananaliksik ng *passage.* Mula sa sitwasyong ibinigay ng mananaliksik gumawa ang mga kalahok ng tula para sa *spoken-word poetry*. Ang mga nabuong mga tula ang sinuri ng mga tagasuri.

### *Pamamaraan ng Pananaliksik*

Isinagawa ang pagbuo ng spoken-word poetry sa paraan ng pacontest. Ang binuo na *spoken-word* ng mga kalahok ay napatungkol lamang sa mga sitwasyong ibinigay. Nangangahulugan magkakaroon ng pagtatanghal sa pagpapahayag ng spoken-word poetry na kumuha ang mananaliksik ng mga piling mag-aaral bilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

audience/tagapakinig na nagsilbing tagasuri. Pumili muna ang mananaliksik ng dalawang kalahok sa bawat klase kung saan sila ang pinakamatalino at pinakamagaling sa Filipino sa kanilang klase. Ang isang kalahok ang sumunod sa unang sitwasyon at ang ikalawang kalahok naman ang siyang susunod sa ikalawang sitwasyon. Bago nagsulat ang mga kalahok ng tula ay mayroon munang kaunting diskusyon o briefing patungkol sa spoken-word poetry kung ano ito at ang mga uri nito at kung anong uri ng spoken-word poetry ang kanilang sinulat.

Pagkatapos naintindihan ng mga kalahok ang spoken-word poetry ay nagsimula nang nagsulat ng kanilang tula batay sa sitwasyon na ipinakita. Ang tula na binuo ay malaya, ibig sabihin may kakayahan ang tagasulat na gumamit ng mga salitang may tugma o wala at kung ilang saknong at taludtod.

## 4.0 PAGLALAHAD NG RESULTA

Sa bahaging ito inilahad ang resulta ng pagsusuri sa mga nabuong spoken-word poetry ng mga mag-aaral.

### Mga Values na Napapaloob sa mga Nabuong Spoken-word Poetry

Ang pagsusuri sa mga spoken-word poetry ng mga kalahok ay isinagawa ng mga tagapakinig, eksperto, at ng mismong kalahok na siyang may-akda ng tula. Batay sa mga values na itinukoy ng mga tagasuri, isinagawa ng mananaliksik ang pag-coding na naging batayan sa pagsusuri ng mga nabuong spoken-word poetry ng mga mag-aaral sa Senior High School ng Sogod National High School. Mula rito, natukoy ang labing-anim (16) na mga pagpapahalagang lumitaw sa kanilang mga likha. Kabilang dito ang mga sumusunod: makakalikasan, pagkakaisa, makabayan, makatao, pagmamahal sa kapwa, malasakit sa kapwa, pagiging palaban o matapang, kabutihang-loob, kawalan ng respeto, pagsisisi, mapanghusga, kawalan ng pakialam, pagiging palakaibigan, kasiyahan, kapabayaan, at pagsusumikap para sa mga pangarap. Natuklasan na sa mga sinuring spoken-word poetry ang mga pangunahing pagpapahalagang namayani ay ang *pagkakaisa, makakalikasan, makabayan*, at *makatao*, na nagpapakita ng malalim na kamalayang panlipunan at pagkamakabansa ng mga kabataang kalahok.

***Temang Pagkakaisa***

Ang nangungunang values na napapaloob sa mga spoken poetry ay ang *pagkakaisa o unity.* Makikita sa talahanayan na sa sampung (10) spoken-word poetry siyam (9) nito ay napapalooban ng tema o pagpapahalagang pagkakaisa. Ang pagkakaisa ay isang gawain na naglalayon ng iisang puso, iisang damdamin at iisang mithiin. Ito ay ang pagkakaisa ay pagtutulungan, pagsasama-sama, pagkakatugma-tugma, ang isang pamayanan o isang grupo na mayroong pagkakaisa ay nagpapakita na mayroon silang paggalang at respeto sa bawat isa.

Batay sa pagtatanong ng mga kalahok marami sa kanila ang naniniwalang ang pagkakaisa ay isang values na dapat taglayin ng bawat mag-aaral. Ang mananaliksik bilang isang guro ay nagagalak sa resultang ito dahil sa daming sitwasyon binigay ng mananaliksik nanaig ang temang pagkakaisa. Ito ay nagpapatunay sa sumusunod na mga taludtud:

Pahayag ni K10, SWP10:
*"magkaisa, maghawak-hawak ng kamay lumakbay patungo sa mundong matiwasay. Ikaw, ako tayo, tayong lahat hanapin ang kagandahan ng ating kapaligiran…"*

Pahayag ni K9, SWP9:
*"…sabay nating labanan ito at magkaisa, nang tayo'y makaahon nang sama-sama…"*
*"…nang magkaisa tayo tungo sa kaunlaran…"*

Pahayag ni K1, SWP1:
*"Pilipino'y dapat magtulungan, problema'y dapat masolusyunan"*

*Indikador:*
*K1- Kalahok 1 K2- Kalahok 2 K3- Kalahok 3 K4- Kalahok 4 K5- Kalahok 5*
*K6- Kalahok 6 K7- Kalahok 7 K8- Kalahok 8 K9- Kalahok 9 K10- Kalahok 10*
*SWP1- Spoken-Word Poetry1 SWP2- Spoken-Word Poetry2 SWP3- Spoken-Word Poetry 3*
*SWP4- Spoken-Word Poetry 4 SWP5- Spoken-Word Poetry 5 SWP6- Spoken-Word Poetry 6*
*SWP7- Spoken-Word Poetry 7 SWP8- Spoken-Word Poetry 8 SWP9- Spoken-Word Poetry 9*
*SWP10- Spoken-Word Poetry 10*

Ang mga halimbawang taludtud ay nagpapahiwatig na marami pa rin sa mga mag-aaral kasalukuyan ang nagpapahalaga ng mga magagandang-asal tulad ng pagkakaisa. Ang namumuong values sa isang katha ay salig sa katotohanan at sa tunay na buhay at hindi sa guni-guni lamang. Kaya napakahalaga ng pagsusuri ng isang akda sapagkat sa pamamagitan ng pagsusuri, maipaliwanag ng manunuri ang layunin ng may-akda sa pagkatha ng akdang binibigyang–puna.

Ang moralidad na pinagkaingatan ng mga ninuno, noon na ayaw nilang madungisan ngayon, unti-unti nang mawaglit at pinalitan ng mga naimpluwensiya ng mga dayuhan. Nawala ang kagandahang-asal, wastong pag-uugali, pagkawasak ng tahanan at pagkaligaw ng landas ng mga kabataan. Samakatuwid bilang tagahubog na may tungkulin sa pagpapalinang at paghasik ng magandang values sa mga mag-aaral ay dapat ding kilalanin ang kanilang mga saloobin sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sitwasyon. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral ng Senior High School ng Sogod National High School ay maaring personal

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

nila itong ginawa sa kanilang tahanan sapagkat nakatatak sa kanilang damdamin ang isang magandang ugaling pagkakaisa.

***Temang Makakalikasan***

Ang makakalikasan ay tumutukoy sa isang ugali o ang pagmamahal ng isang tao sa likas yamang ibiniyaya ng Diyos. Ang temang makakalikasan ang nangungunang values na napapaloob sa mga spoken-word poetry na binuo ng mga kalahok. Makikita sa ibaba ang mga saknong mula sa mga spoken-word poetry ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa kalikasan. Sa pahayag na "*sa pagkalinga ng inang kalikasan maipakita ko ang aking kabutihan………."* isang pahayag na ibinahagi ng may-akda na magsisimula sa kabutihan ng tao pagpapahalaga ng inang kalikasan. Ipinahiwatig sa pahayag na ito na ang pangangalaga sa kapaligiran ay napakahalaga. Isa pang pahayag mula sa spoken-word poetry na *"Kalinisan ng kalikasan pagtuunan, mga basura'y itapon sa tamang lagayan", Mag-aral, magtrabaho, galangin ang kalikasan pati ang kapwa tao……".* Ipinahiwatig dito na alam ng mga mag-aaral o may-akda na ang disiplina sa sarili tulad paglilinis sa kapaligiran. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay isang kahanga-hanga sapagkat taliwas ito sa inaasahan ng mananaliksik na puno ng pag-ibig ang temang binuo ng mga mag-aaral.

Ang ilang mga saknong at taludtud ay halimbawa na nagpapatunay na pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang kalikasan. Ang resultang ito ay taliwas sa pahayag ni Smolicz (2010) na nagsabing nakalulungkot isipin bilang isang tagahubog na ang core-values na makabayan at makakalikasan ay pinid-pinid lamang sa mga mag-aaral ang nagbigay atensiyon nito. Tigib ng pag-ibig o pagmamahal sa minahal ang nasa puso ng mga kabataan sa tuwing aatasan gagawa ng isang akda.

Ipinahawatig lamang sa resultang ito na magkakaroon ng maraming sitwasyon o larawan ang ibinigay ng guro para sa mga mag-aaral para makapagpahayag sila ng kanilang gusto. Ito ay pinatunayan sa gawaing sapagkat nagpakita ang mananaliksik ng maraming mga larawan na papalooban ng iba't ibang tema.

***Temang Makabayan***

Ang temang makabayan ay tumutukoy sa pagpapahalaga o nagpapakita ng pagmamahal sa bayan. Isa ito sa mga temang itinuturing na naghihingalo sa pagpapahalaga ng mga kabataan sa kasalukuyan dahil hindi na ito masyadong pinahahalagahan ng mga kabataan dahil pawang temang pag-ibig ang pinagtuunan ng mga kabataan sa paggawa ng mga kwento.

Sa resulta ng pag-aaral na ito ang temang makabayan ay nasa pangatlo sa pinakamaatas na bilang na pinahahalagahan ng mga mag-aaral. Sa katunayan ang mga sumusunod na taludtud ay nagpapatunay sa pagpapahalaga ng temang makabayan.

> Pahayag ni K1, SWP1:
> *"Pilipino sa dugo't laman, Pilipinong pwedeng masandalan"*
> *"Kapit-bisig pa rin tayong lalaban upang maging matibay ang ating pinagsamahan…"*
>
> Pahayag ni K9, SWP9:
> *"Tayo lang din naman ang naninirahan sa bansang ito, tuluyan na nating tapusin ang kahirapan dito…"*
> *"…ibigay na natin ang gusto ni Inang Bayan, nang magkaisa tayo tungo sa kaunlaran…"*

*Indikador:*
*K1- Kalahok 1 K2- Kalahok 2 K3- Kalahok 3 K4- Kalahok 4 K5- Kalahok 5*
*K6- Kalahok 6 K7- Kalahok 7 K8- Kalahok 8 K9- Kalahok 9 K10- Kalahok 10*
*SWP1- Spoken-Word Poetry1 SWP2- Spoken-Word Poetry2 SWP3- Spoken-Word Poetry 3*
*SWP4- Spoken-Word Poetry 4 SWP5- Spoken-Word Poetry 5 SWP6- Spoken-Word Poetry 6*
*SWP7- Spoken-Word Poetry 7 SWP8- Spoken-Word Poetry 8 SWP9- Spoken-Word Poetry 9*
*SWP10- Spoken-Word Poetry 10*

Ang mga taludtud na nasa itaas ay nagpapatunay sa pagpapahalaga ng mga kalahok ng temang makabayan. Ipinakita sa mga taludtud ang pagmamahal at lubos na pag-unawa ng mga mag-aaral na kapag magkakaisa ang mga tao uunlad ang isang bayan. Sa ganoon malalaban ng bayan ang anumang mga pagsubok at makamtam ang kapayapaan. Tulad ng pahayag na ito *"Kapit-bisig pa rin tayong lalaban upang maging matibay ang ating pinagsamahan…" "Sabay-sabay tayong lalaban, magtulungan upang makamtan natin ang kapayapaan, dahil kung tunay kang Pilipino, handa kang lumaban, masaktan para sa mundong ginagalawan".* Ang mga iilang halimbawa na taludtud na nagpapatunay na ang mga mag-aaral sa Sogod National High School partikular sa Senior High School.

***Temang Makatao***

Ang temang makatao ang isa sa mga nangingibabaw na tema sa mga sinuring spoken-word poetry mula sa mga mag-aaral ng Senior High School. Ang ibig sabihin ng makatao ay ang pagpapakita ng pagmamahal at paggalang sa kapwa. Ang pagiging makatao ay ang pagtulong sa kapwa nang walang hinihintay na kapalit. Ang salitang makatao ay pagmamahal sa kapwa tao at kung mahal ang iyong kapwa lagi iniisip ang kanyang kapakanan at kabutihan (Fernando, Ayon, at Bual, 2024).

> Pahayag ni K7, SWP7:
> *"…ngunit hindi ibig sabihin na wala na tayong magagawa, dahil ang pagbabago ay nagsisimula sa iyo…"*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*"…simulan natin sa pag-itindi kung sino tayo at kung ano ang ating magagawa…"*

Pahayag ni K8, SWP8:
*"Pero huwag kang mag-alala galit at hinanakit ay di ko nadama tao rin ako at kasalana'y di ikakaila itong sinabi ko'y isang paalala…"*
*"Mag-aral, magtrabaho, galangin ang kalikasan pati ang kapwa tao…"*

Pahayag ni K9, SWP9:
*"…di naman kailangan pang maging duguan upang lahat tayo'y maging kaibigan…"*

Pahayag ni K4, SWP4:
*"Atin rin sanang iwasto ang mga pagkakamaling natamo upang sa susunod na henerasyo'y hindi malito…"*
*"…dahil tayong mga Pinoy matulungin kahit na madalas maagrabyado…"*

*Indikador:*
*K1- Kalahok 1 K2- Kalahok 2 K3- Kalahok 3 K4- Kalahok 4 K5- Kalahok 5*
*K6- Kalahok 6 K7- Kalahok 7 K8- Kalahok 8 K9- Kalahok 9 K10- Kalahok 10*
*SWP1- Spoken-Word Poetry1 SWP2- Spoken-Word Poetry2 SWP3- Spoken-Word Poetry 3*
*SWP4- Spoken-Word Poetry 4 SWP5- Spoken-Word Poetry 5 SWP6- Spoken-Word Poetry 6*
*SWP7- Spoken-Word Poetry 7 SWP8- Spoken-Word Poetry 8 SWP9- Spoken-Word Poetry 9*

Ang pagiging makatao ay dapat angkinin ng bawat indibidwal. Isa ito sa mga ugaling magsisilbing isang magandang instrumento na magkakaroon ng mapayapa, masayang pamayanan at maiwasan ang kahirapan dahil lahat ay may pusong gustong tumulong. Maaaring maisakatuparan batay sa resulta ng pagsusuri sa pag-aaral na ito. Sa murang edad ng mga kalahok ay may puso ng pagiging makatao.

Ang pahayag na *simulan natin sa pag-itindi kung sino tayo at kung ano ang ating magagawa…………. hinanakit ay di ko nadama tao rin ako at kasalana'y di ikakaila…………………… Atin rin sanang iwasto ang mga pagkakamaling natamo upang sa susunod na henerasyo'y hindi malito"* mga pahayag na nagpapatunay na ang mga kalahok ay may papahalaga sa kapwa. Likas na sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal at makatao sa kapwa. Ang pagiging mapagmahal at makatao ng mga Pilipino ay isang katangi-tanging ugali na paraan para mapaunlad at makilala ang pamayanan. Ang pagmamalasakit sa kapwa ay isang gawaing Pinoy na likas sa mga Pilipino. Madalas ang iba pa ang inuuna sa halip ang sarili.
Sa kabuuan ang resulta ng pagsusuri ay nagpapahiwatig lamang na sa kabila ng mga naglipana na mga nakaaliw na mapapanood sa mass at social media at sa mga makamundong materyal na makapagbabago sa ugali at saloobin ng mga kabataan, nanatili pa rin ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pagkamakalikasan, pagkakaisa, pagkamakabayan at pagkamakatao. Batid ng mga guro sa kasalukuyan na iilan na lamang sa mga mag-aaral ang nagpapahalaga sa kalikasan at sa bayan.

Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa Senior High School ay may malalim na kamalayang panlipunan, gaya ng pagpapahalaga sa pagkakaisa, kalikasan, bayan, at kapwa-tao. Ipinapakita nito na ang kabataan ngayon ay hindi lamang nakatuon sa romantikong tema kundi may kakayahang ilarawan ang mga kontemporaryong isyung panlipunan sa malikhaing paraan. Higit sa lahat ang spoken-word poetry ay hindi lamang sining ng pagpapahayag kundi isa ring mabisang daluyan ng pagpapakita ng personal na values ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na sa mga gawaing pampanitikan, lumilitaw ang mga likas na pagpapahalaga ng mga kabataan.

## 5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabila ng modernisasyon at impluwensiya ng media, nananatili sa mga kabataan ang pagpapahalaga sa mahahalagang core values tulad ng pagkakaisa, pagiging makatao, makabayan, at makakalikasan. Ito ay nagpapakita ng positibong pananaw at pag-asa sa susunod na henerasyon. Napatunayan sa pag-aaral na ang spoken-word poetry ay isang mabisang pedagogical tool sa paglinang hindi lamang ng kasanayang pampanitikan kundi pati na rin ng pagpapahalagang pantao ng mga mag-aaral. At ang aktibong pagsasama ng guro sa pagbibigay ng mga sitwasyong makabuluhan ay tumutulong sa pagbubukas ng damdamin at kaisipan ng mga mag-aaral upang maipahayag nila ang kanilang saloobin nang may lalim at saysay. Iminumungkahi na mas mapalawak pa ang integrasyon ng spoken-word poetry sa mga asignaturang gaya ng Filipino, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Araling Panlipunan upang higit na mapaunlad ang pagpapahayag at pagpapahalaga ng mga mag-aaral. At magsagawa ng mga patimpalak, workshop, o open mic events upang mabigyan ng plataporma ang mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang saloobin at values sa mas malawak na tagapakinig.

## 6.0 MGA SANGGUNIAN

1. *Betonio, R. (2023). Level of practice on the DepEd core values among grade 8 learners of Tagudin National High School. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3 (8), pp. 692-796. DOI: 10.47760/cognizance.2023.v03i08.018*
2. *Cagurangan, P. (2020). Spoken word poetry: Study on yielded intrapersonal and interpersonal communication gains. Philippine E-Journal*
3. *Fernando, D., Ayon, J. at Bual, J. (2024). Practice of core values of the department of education among grade 12 students in a Philippine public school. Asian Journal of Advanced Research and Reports 18 (10):16-27. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i10751.*
4. *Masinadiong, D. at Pines, V. (2024). Isang diskursong pagsusuri sa antas ng wika na ginamit ng mga mag-aaral sa kanilang*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*isinulat na spoken word poetry. EPRA International Journal of Research and Development (IJRD), 9 (4).* https://doi.org/10.36713/epra2016

5. *Nibalvos, I, (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa /*
6. *(Society and literature: Locating filipinism in developing national literature). MALAY 32 (1), pp. 99-114*
7. *Schwartz, S. (2012). An overview of the schwarts theory of basic values. International Association Issues in Psychology and Culture. Article II*